

## 1

**D**umukot ng dalawang libong piso sa balsa ng kanyang pantalon si Christy. Iniabot niya iyon kay Aling Patring. Iyon ang napagkasunduan nila bago siya tumuloy sa bahay na pinarerentahan nito. One month advance, one month deposit.

“Halika, sumunod ka sa akin.”

Pumasok sila sa loob ng kabahayan. Malaki iyon subalit halatang luma na.

“Dito sa ibaba ang kusina, banyo, at tanggapan ng bisita. Sa itaas naman, nandoon ang dalawang kuwarto.”

“Ilan ho kami rito?” tanong ni Christy habang paakyat sila sa ikalawang palapag ng bahay.

“Pangpito ka.” Binuksan nito ang pintuan ng unang kuwarto.

Tama lang ang laki niyon. May dalawang papag na double deck na nakapuwesto sa magkabilang gilid. May tig-isa ring Durabox cabinet na nakapuwesto sa bandang ulunan ng magkabilang papag.

Pumasok si Aling Patring sa loob ng naturang kuwarto.

“Bakante pa itong isang ito,” tukoy nito sa kama sa itaas ng isang papag. “Malikot ka bang matulog?”

“Hindi naman ho. Bakit ho?”

“Kasi ’ika ko, kung malikot kang matulog, hindi ka puwede rito sa parteng itaas at baka mahulog ka. Doon sa kabilang kuwarto, bakante pa ang isang papag na parteng ibaba. Ano’ng mas gusto mo?”

“Okay na ho ako rito, Aling Patring.”

“Sigurado ka? Hindi mo na ba gusto pang tingnan ’yong kabilang kuwarto? May bakante pa roon.”

“Hindi na ho. Ayos na ho ako rito,” ulit niya.

“O, sige. Itong Durabox cabinet, puwede kang maki-share rito. Tatal, anim na layers naman ito. Tig-tatlo kayo ni Janna. Si Janna nga pala ang nakapuwesto rito sa ibaba mo. Working student din siyang katulad mo.”

Tumango lang si Christy sa ginang. Sana mababait ang roommates niya. Sana ay wala

siyang maging problema sa kanila.

“O pa’no, maiwan na kita?”

“Oho. Maraming salamat ho,” nakangiting sagot niya.

Ilang sandali pa ang lumipas, mag-isa na lang si Christy sa loob ng bago niyang kuwarto. Hindi siya sanay na malayo sa kanyang pamilya, pero kailangan niyang masanay at magtiis lalo pa ngayong wala na ang kanyang amang inaasahan nila noon. Mahirap ang buhay nila sa probinsyang kinalakihan niya kaya kailangan niyang magsikap at magtrabaho para matustusan ang kanyang pag-aaral at para makatulong din siya sa mga nakababatang kapatid.

Nakatirik ang naturang boarding house sa isang probinsya. Malayo ito sa kabahayan. Puro puno pa ang paligid at ang likuran ay mistulang gubat. Kapag tiningnan nga ito mula sa labas, magmimistula itong isang haunted house.

Ayaw man sana ni Christy sa boarding house na iyon, wala siyang ibang pagpipilian. Bihira lang ang boarding house sa lugar na iyon, at mahal ang upa sa iba kaya kailangan niyang magtiis para lamang may matuluyan.

Nangako ang amo ng kanyang ama na ito ang sasagot ng tuition niya sa kolehiyo. Actually, pinatutuloy nga siya nito sa bahay nito sa bayan, pero nahihya naman siya, feeling niya ay masyado na siyang abuso kaya

mas pinili na lamang niyang mangupahan na lang.

Sumulyap si Christy sa kanyang relo sa braso. Pasado alas seis na ng hapon. Binuhat niya ang kanyang travelling bag at ipinatong iyon sa kanyang puwesto. Dahil sa bandang itaas ang naturang puwesto niya, tinamad siyang umakyat. Mas minabuti niyang maupo na lang muna sa ibaba, sa puwesto ni Janna. Tatal, wala pa ito at hindi pa naman siya matutulog.

Napangiti siya nang mapansin ang bedsheet ng kamang kanyang inuupuan. May malalaking mukha ng cartoon character na si *Tweety Bird*. Ganoon din ang design ng unan na nasa bandang ulunan ng kama. May nakaburda roong pangalan sa gitna: Janna.

Nagulat si Christy nang biglang bumukas ang pinto.

“Who are you?” Isang mestizang babae ang pumasok sa loob ng kuwarto.

“Ha?” Napaigtad siya. Dali-dali siyang tumayo mula sa pagkakaupo. “I... I am sorry. I just...”

“Just what? Why were you staring at Janna’s pillow, huh? Balak mong nakawin?”

“Ha? Hindi!” mariing tanggi niya sa paratang nito. “Wala akong balak nakawin ang unan—”

“Eh, ano lang pala? ‘Yong pillow case lang?” Nakataas pa ang kaliwang kilay nito habang

nakahalukip. “And why are you here then?”

Napakagat-labi si Christy. Pakiramdam niya ay pulang-pula na siya nang mga sandaling iyon. Hindi niya malaman kung paano ipagtatangol ang sarili.

“Bagong tenant ako ni Aling Patring. Nagandahan lang ako sa unan at bedsheet ni Janna kaya ko tinititigan, pero wala akong balak na magnakaw ng kahit ano.”

“Oh, really?” tila nakakainsultong sagot nito. “You’d better get out of this room! You don’t have the right to stay here. Baka mamaya, bigla na lang kaming mawalan ng mga gamit dito.”

Napaawang ang mga labi ni Christy. Mangiyak-ngiyak na siya nang mga sandaling iyon.

“Hindi mo ako narinig? Bingi ka ba? Ang s’abi ko, layas!”

“Sandra!” Isang babae pa ang pumasok sa kuwarta. “What’s going on here?”

“Ang babaeng ito. Ang s’abi niya, bagong tenant daw siya ni Aling Patring, pero sa tingin ko, may pagka-klepto siya.” Inginuso siya ng mestiza sa bagong dating.

“Hindi totoo ’yan! Wala akong ginagawang masama at lalong wala akong ninakaw at hindi ako magnanakaw. Katulad ng sabi ko, nagandahan lang ako sa design ng mga gamit ni Janna.” Napaiyak na siya.

“Liar!”

“Sandra, stop it!”

Hindi na niya kaya pang tanggapin ang mga pambibintang ng Sandra na iyon, kaya minabuti niyang lumabas na lang ng kuwarto.

Umiyak siya nang umiyak sa sala. Awang-awa si Christy sa sarili. Pakiramdam niya ay aping-api siya. Wala siyang kakampi. Gusto na niyang bumalik sa probinsyang pinanggalingan niya. At least doon, kahit mahirap lang sila, walang nambibintang at nagpaparatang ng hindi maganda laban sa kanya.

Nayakap niya na lang ang sarili. Kung ganoon mag-react ang Sandra na iyon, paano pa kaya si Janna na mismong may-ari ng bagay na hindi sinasadyang nakagiliwan niya?

Mas lalo siyang nakaramdam ng takot. Baka apihin siya ng kanyang mga roommates. Lalo siyang napaiyak sa isiping iyon.

Dahil sa pinaghalong sama ng loob at pagod, hindi sinasadyang nakatulog si Christy sa sala habang nakaupo sa sofa. Pasado alas diez na ng gabi nang maalimpungatan siya. Naramdaman niyang tila may tumapik sa kanyang binti.

Agad siyang nagdilal ng mga mata. Isang magandang babae ang nakatayo sa harapan niya. Nakangiti ito sa kanya.

“Newbie ka?” tanong nito.

“Ha?”

“I mean, new boarder ka rito?”

Umayos siya ng upo. “Uhm, o-oo.”

Naupo ito sa tabi niya.

“Bakit dito ka natutulog? Wala na bang bakante sa itaas?”

“Uhm, m-meron. Napagod lang siguro ako. Maghapon kasi akong naghanap ng bagong matutuluyan bago ko natagpuan itong boarding house, kaya iyon... nakatulog ako rito. S-sorry, ha.”

Muli itong ngumiti sa kanya. “Ano ka ba? Okay lang ’yon, wala namang problema.”

Ngumiti rin siya rito. Finally, mukhang nakatagpo siya ng mabait na kapwa boarder.

“Boarder ka rin ba rito?” paniniyak ni Christy.

“Oo.” Tumayo ito mula sa pagkakaupo. “Come with me.”

“Ha? Saan?”

“Kumain ka na ba ng dinner?”

“Uhm, hindi pa,” sagot niya na may kasamang pag-iling.

“Halika sa kusina’t kumain tayo.”

“B-busog pa naman ako,” pagsisinungaling niya kahit ang totoo ay gutom na gutom na siya.

“Kahit na. Sabayan mo pa rin ako.” Hinawakan siya nito sa braso at sapilitang isinama sa kusina. “Masama ang hindi kumakain sa gabi, hindi mo ba alam iyon?”

Ngumiti lamang siya rito. Kumpirmado ngang mabait ito at magiliw. Tiyak na magkakasundo sila.

Hinati nito sa dalawang plato ang isang balot na kanin na tila binili nito sa karinderya. Inilagay nito sa isang platito ang dalawang tuhog na barbecue at isinalin sa maliit na bowl ang sukang sawsawan.

“Let’s eat.”

Nahihiya pa siya nang damputin niya ang kutsara’t tinidor. Baka kasi kulangin na ito sa kanin at ulam dahil naki-share pa siya, subalit hindi niya napigilan ang kanyang sarili. Gutom na gutom na siya at isa pa’y gabi na para lumabas pa siya upang bumili ng sarili niyang pagkain. Hindi pa naman siya sanay sa lugar na iyon. Hindi niya alam kung saan siya bibili.

“Anyway, ano nga pala ang pangalan mo?” tanong nito habang kumakain.

“Christy,” tugon niya sa pagitan ng pagnguya.

Tumangu-tango ito. “It’s nice to meet you, Christy. Welcome to Aling Patring’s boarding house. Ako nga pala si Janna.”

Agad na natigilan si Christy. Pakiramdam niya ay sumabit sa kanyang esophagus ang isang pirasong barbecue na nilunok niya.

*Oh my God! Ito pala si Janna.* Paano kung isumbong siya rito ng Sandra na iyon? Kahit pa sabihing wala siyang ginawang masama, baka kung ano ang maging impression nito sa kanya. Baka mapasama siya rito.

“Hey? Are you alright?” Tila nahalata nitong natulala siya.



Napalunok siya. “O-oo. Ayos lang ako.”

“Okay.” Mabilis itong tumayo para kumuha ng tubig. Ilang segundo ang lumipas nang iabot nito sa kanya ang isang basong puno ng tubig.

“T-thank you.” Tinungga niya iyon. Hinayaan na lang niya ito sa maling isipin na nabulunan siya kaya siya natigilan.

“Saang kuwarto ka nga pala?”

“Ha? Uhm... sa una.”

“Really?” Tumango lang siya rito. “So, ibig sabihin, d’on ka sa itaas ko? Ang puwesto ko, eh ’yong kama na may malaking *Tweety Bird*. Napansin mo ba ’yon?”

“Oo.”

“Wow! That’s good.” Halata sa mukha nito ang kasiyahan. “Anyway, share tayo sa Durabox cabinet. P’wede mong gamitin ’yong three layers doon.”


“Sinabi nga sa akin ni Aling Patring,” tugon niya sa malungkot na tinig.

“Saka nga pala, para wala kang maging problema rito, huwag mo na lang papansinin ’yong iba nating boardmates. Dito kasi, walang pakialaman para walang away.”

“Gan’on ba?”

“Uh-huh.” Tumayo na ito. “Bilisan mo nang kumain para makapagpahinga ka na.”

Napatango na lang siya at tahimik na ipinagpatuloy ang pagkain.



**N**apabalikwas si Christy. Pasado alas ocho na ng umaga. Patay! Late na siya sa kanyang klase. Eksaktong alas ocho pa naman ang first subject niya.

Nagmamadali niyang dinukot mula sa travelling bag ang kanyang tuwalya at mabilis na lumabas ng kuwarto.

Pinihit niya ang doorknob ng banyo. Naka-lock iyon. Malamang na may tao sa loob. Minabuti niyang magtungo na lang muna sa kusina upang makapagkape man lang siya. Akmang papasok na siya sa kusina nang makita niyang nag-uusap doon sina Janna at ang mestizang si Sandra. Magkaharap ang mga ito sa mesa habang nag-aalmusal.

“Nakita mo na ba ‘yong bagong tenant? ‘Yong nakapuwesto sa itaas mo?”

“Si Christy?”

“Nakilala mo na pala siya.”

“Yup. Kagabi.”

“Alam mo bang nakita ko siya na pinakikialaman ‘yong mga gamit mo.”

Napalunok si Christy. Naku! Baka magalit sa kanya si Janna. Gusto niyang ipagtanggol ang sarili, pero paano? Baka mas lalo lang siyang mapasama. Baka lumabas na guilty siya dahil sa pagiging defensive niya.

“Ha?” Napakunot-noo si Janna. “Paanong pinakikialaman?”

“Nakaupo siya sa kama mo kagabi tapos hawak-hawak niya ‘yong pillow mo. Titig na titig siya roon. ‘Yong tipong parang interesado—”

“Hey! Bakit hindi ka pumasok?”

Nagulat pa si Christy nang tapikin siya sa balikat ng isang babae. Bigla itong sumulpot buhat sa kanyang likuran. Nakatapis lang ito ng tuwalya at basang-basa ang lampas-balikat nitong buhok. Malamang, ito iyong nasa banyo kanina.

Namukhaan niya ang babae, ito rin iyong nagtangkang umawat kay Sandra kahapon nang awayin siya ng huli. Dumiretso ito sa lababo at nag-toothbrush doon.

Dahil sa pagpansin sa kanya ng babae kaya natigil ang pag-uusap nina Janna at Sandra.

Sabay ang mga itong napatingin sa kanya.

“Hi! Good morning. Halika na rito at mag-almusal ka na,” nakangiting bati sa kanya ni Janna.

Mabuti naman at hindi pa rin nagbago ang pakikitungo nito sa kanya sa kabila ng narinig nitong sinabi ni Sandra.

“O, gising na pala ang bago nating roommate na medyo malikot ang kamay,” sabi naman ni Sandra sa pagitan ng pagkain habang nakatitig sa kanya.

“Puwede bang manahamik ka?” mataray na saway rito ni Janna bago siya muling sinulyapan. “Halika na, may pandesal dito at coffee.”

Pinilit ni Christy na ngumiti kay Janna. Ramdam niya ang pagiging mabuting tao nito pero hindi niya pa rin maiwasang hindi mahiya rito.

“Uhm, sa school na lang ako kakain, Janna.” Pagkasabi noon, nilisan na niya ang kusina at mabilis siyang pumasok sa banyo. Ilang minuto rin siyang naligo.

Nagulat pa si Christy nang sa pagbukas niya ng pinto ng banyo ay nakaabang na roon si Janna. Tila ba inaantay siya nito. Bigla siyang kinabahan. Baka siniraan siya ni Sandra rito.

“Oh? Uhm, s-sorry... ang tagal ko ba?”

“No. It’s okay. Ang bilis mo nga, eh. Kapag ako nagbabanyo, inaabot ako ng isang oras.

Ikaw, wala ka pang thirty minutes.”

Humakbang na si Christy palabas ng banyo. Malamang na ito naman ang gagamit dahil nakasampay sa balikat nito ang isang roba. Nginitian siya ng babae. Akmang papasok na ito sa banyo nang muli siyang magsalita.

“Uhm, Janna...”

Nilingon siya nito. “Yes?”

“Ah...” Ano ang sasabihin niya upang linisin ang kanyang pangalan, gayong hindi naman siya nito kinompronta tungkol doon?

“May kailangan ka ba?”

“Uhm, ano kasi... Yong tungkol d'on sa napag-usapan n'yo ni Sandra.”

“Yong isinumbong niya ba sa akin kanina ang tinutukoy mo?”

“Oo. Janna, kasi... wala akong intensyong masama sa mga gamit mo. Natuwa lang talaga ako, pero Janna, promise! I swear! Hindi ko intensyong kunin ang anumang gamit mo o gamit n'yo. Janna, maayos akong pinalaki ng pamilya ko at hindi ako—”

“C'mon. Relax,” natatawang putol nito sa paliwanag niya. “Ano ka ba! Hindi mo kailangang magpaliwanag. Wala akong iniisip na masama laban sa 'yo. Kilala ko naman si Sandra. Gan'on talaga 'yon kaya nga walang nakakasundo 'yon dito. Masyado kasing mapanghusga. Ako nga dati, n'ung bago ako rito, inaway-away niya rin ako. Pasalamat na

lang siya kasi hindi ko siya pinatulan dati, wala kasi ako sa mood noon eh.”

Nakahinga siya nang maluwag dahil sa sinabi nito. *Salamat po, Diyos ko.* Akala ni Christy, tuluyan na siyang masisiraan ng Sandra na iyon kay Janna.

“Kaya kung ako sa ’yo, h’wag mo na lang s’yang pansinin at patulan. Katulad nga ng sinabi ko sa ’yo kagabi, para walang gulo, h’wag mo na lang silang pansinin. Okay?”

“Okay,” nakangiting sagot niya rito na may kasamang pagtango.

“So, p’wede na ba akong pumasok sa banyo at maligo?” nakangiti ring biro nito.

“Uh y-yeah. Sure. Sorry, naabala na kita,” natatawang sagot niya.

“Okay lang iyon. Ikaw talaga.” Tuluyan itong pumasok sa banyo.



“Hey, dito ka rin pala nag-aaral?”

Nagulat pa si Christy nang biglang nagsalita ang babaeng nakasalubong niya sa pintuan ng kanilang school canteen. Palabas na siya noon sa naturang kainan.

“Oh, hi.”

Isa ito sa mga boardmates niya. Ang babaeng sa tingin niya ay mabait din. Ito iyong unang pumansin sa kanya kaninang umaga.

“Anong year mo na?” Sinabayan siya nito

sa paglakad. Hindi na nito itinuloy ang planong pagpasok sana sa loob ng canteen.

“First year pa lang,” sagot niya. “Ikaw?”

“Fourth year na ako.”

“Talaga? Malapit ka na pa lang grumaduate. Buti ka pa.”

“Ano ka ba, mabilis lang naman ang panahon. Hindi mo mamamalayan, bukas makalawa ga-graduate ka na rin. Ay hindi, graduated na pala and you’re working na,” nakangiting sabi nito.

Nginitian niya rin ito. Tama nga siya, mabait din ito katulad ni Janna. Eh, ang tatlo niya pa kayang boardmates? Hindi niya pa nakikilala.

“So, ano’ng course mo nga pala?” muling tanong nito habang patuloy sila sa paglakad sa campus.

“BS Accountancy.”

“Wow! Mathematician ka pala, ah!”

“Uhm, hindi naman. More on analyzation talaga ang Accounting. Akala lang ng iba more on Mathematics kasi panay numbers, pero hindi naman talaga. Actually, mga basic operations nga lang ang ginagamit namin.”

“Ay, gan’on ba ’yon? Pero alam mo, kahit sabihing basic operations lang ang gamit n’yo, ayaw ko pa rin ng Accounting.” Bumulong ito sa kanya. “Ang bobo ko kasi sa Math. Alam mo bang simpleng addition lang eh, hindi ko pa

masagot nang maayos?”

Natatawa na lang siya sa sinabi nito. Sabay silang pumasok sa CR.

“Mag-ingat ka kay Sandra, ha.”

Akmang papasok si Christy sa isang cubicle nang lingunin niya ito. “Bakit?”

“Masyadong matalas ang dila ng babaeng iyon. Kapag nakita ka n’yang mahina at tila hindi mo kayang lumaban, aapihin ka n’on nang bonggang-bongga.” Nakahalukipkip ito habang nakasandal sa lababo.

“Binalaan na rin ako ni Janna tungkol kay Sandra.”

Nagkibit-balikat lang ito at hindi na umimik. Tinalikuran na siya nito at humarap sa salamin.

Napabuntong-hininga na lang siya pagkapasok sa isa sa mga cubicle.

Ganoon ba kasama ang Sandra na iyon?

Naghihilamos ang babaeng kausap ni Christy kanina nang lumabas siya galing sa cubicle.

“Ang bilis mo namang umihi.” Saglit siya nitong nilingon.

Nginitian niya lang ito. “Ano nga pala’ng pangalan mo?” Tumabi siya rito at naghugas ng kamay.

“Jessica,” sagot nito. “Pero Jesse na lang para mas maiksi.”

“Ako nga pala si Christy.”



“Yeah. Nice to meet you, Christy.” Naghagilap ito ng tissue mula sa shoulder bag nito. “Oh, I forgot my tissues.”

Napangiti siya. Dinukot niya ang isang pack ng tissue sa loob ng kanyang bag. Iniabot niya iyon kay Jessica.

“Oh, thank you ha.” Kinuha nito ang tissue mula sa kanyang kamay. Kumuha ito roon. Saglit silang natahimik.

Mayamaya, isang babae ang lumabas mula sa isa pang cubicle. Makapal ang suot nitong salamin sa mata. Nakatirintas ang mahaba nitong buhok na hanggang baywang. Mahaba ang manggas ng damit nito na halos pati mga daliri nito sa kamay ay nakatago na. Nakasuot ito ng pantalong maong at *Chuck Taylors*.

Marami itong bitbit na libro sa kabilang kamay. Malaki at tila punung-puno ng gamit ang backpack nitong dala. Saglit itong humarap sa salamin. Mayamaya pa ay lumabas na ito.

“Siya si George,” ani Jessica nang ibalik nito kay Christy ang tissue.

“Kilala mo pala siya?” nakangiting tanong niya sa kausap.

“Uh-huh. Halos lahat ng nag-aaral dito ay kilala ’yang si George. Matalino kasi siya.” Pumasok ito sa loob ng cubicle. “Halata naman, di ba? ‘Miss Genius’ nga ang bansag namin d’on eh.”

“Yes. Halata nga,” sagot niya habang

siya naman ang nakasandal sa lababo at naghihintay sa paglabas ni Jessica mula sa loob ng cubicle.

“Pero suplada siya at masyadong tahimik. Bihira magsalita. Kahit sa boarding house, ganyan din ’yan.”

“Sa boarding house?”

“Oo,” sagot nito paglabas nito ng cubicle. Naghugas ito ng kamay. “Hindi mo ba alam na boardmate rin natin siya?”

“Hindi. Tatlo pa lang kayong nakilala ko.”

“Naku, h’wag mo nang kilalanin pa ’yong dalawa,” natatawang turan nito.

“Ha? Bakit naman?”

“Si Melissa, kalog iyon at makulit. Madaldal din na parang hindi nauubusan ng kuwento. Sa private school nag-aaral iyon sa kabilang bayan. Naglayas siya sa bahay nila at sumama sa bestfriend n’yang si Abby na manirahan doon sa boarding house. Si Abby naman, malandi iyon. Madalas iyong nagsasama ng mga lalaki sa boarding house, kaya madalas silang mag-away ni Janna. Paiba-iba ang boyfriend n’on at masyadong selosa. Mapatingin lang sa ’yo ang boyfriend niya’y gigiyerahin ka n’on kaagad.”

“Pero mababait naman sila?”

“Ewan ko. Hindi ko masabi kung mabait o ano.” Isinukbit na ni Jesse sa balikat ang shoulder bag at naglakad na palabas ng CR. Sumunod siya rito. “Wala kasi akong kasundo

sa kanila. I mean, wala akong kaibigan. Tamang usap lang kami, gan'on."

"Kahit si Janna, hindi kayo magkasundo?"

Nilingon siya nito. "Hindi," nakataas ang kilay na sagot nito.

"Bakit? Eh, mukha naman siyang mabait."

"Kasi insecure ako sa kanya. Ang ganda-ganda n'ya masyado, eh. 'Yong crush na crush ko dating si Alfonso, eh sa kanya pala may gusto. Ang akala ko pa naman noon sa akin may gusto, kasi lapit nang lapit sa akin. Iyon pala, magpapalakad lang kay Janna kasi alam n'yang ka-boardmate ko."

Hindi niya napigilang matawa. Kaya pala tila ang sama ng loob nito kay Janna ay dahil doon.

Pero totoo ang sinabi nito, maganda nga si Janna. Mukha itong modelo. Kung tutuusin nga ay mas maganda pa ito kaysa kay Sandra. Mestiza lang kasi ang huli kaya sa unang tingin ay iisipin mong mas maganda kumpara kay Janna.

"Uy, h'wag mong sasabihin iyon kay Janna, ha. Hindi niya alam na naiinis ako sa kanya dahil doon. Ayaw kong malaman niya iyon."

"Oo. Promise, hindi ko sasabihin." Natatawa pa rin si Christy.

"Anyway, may klase ka pa ba?"

"Oo. Ikaw?"

"Actually, meron pa. Pero hindi ko na

papasukan kasi may date pa ako, eh.”

“Unahin mo pa ’yong date mo?”

“Siyempre, ’no! Mahirap nang mawalan ng fafa,” anito sa malanding tinig. “Saka boring din ’yong professor ko, eh. O siya, sige na. Maiwan na kita ha.”

“Sige. Ingat.”

“Thanks. ’Bye.” Kumaway pa ito sa kanya bago tuluyang lumabas ng gate.

“’Bye.”

3

“Who is he?”

Ngumiti si Christy kay Janna. Magkatabi silang nakaupo sa bed ng una habang nakasandal sa pader.

Ang tinutukoy ni Janna ay ang lalaking kasama ni Christy sa picture. Naka-display ang picture sa front cover ng notebook ni Christy.

“Siya si Tatay. Patay na siya pero nangako siya sa akin n’ong nabubuhay pa siya na lagi niya akong gagabayan. S’abi niya pa nga, wala raw p’wedeng manakit sa akin kasi siya ang makakalaban n’un,” nakangiting sagot ni Christy, subalit halata ang kalungkutan sa kanyang mga mata.

“Oh, sorry. Hindi ko alam na patay na pala

siya.”

“Okay lang. Ilang buwan na rin naman mula nang mamatay siya.”

“If you don’t mind, bakit siya namatay?”

“Bumangga sa isang truck ang kotseng minamaneho niya. Family driver kasi siya, eh. Susunduin niya sana sa Maynila ang mga kamag-anak ng amo niya na magbabakasyon sana rito. Eh maulan nang araw na iyon, kaya ayon, nadisgrasya siya.”

“Kawawa naman.”

Kinagat ni Christy ang pang-ibabang labi upang pigilan ang napipintong pag-iyak.

“Napakabuti n’yang ama, Janna. Halos hindi nga namin matanggap ang pagkawala niya, eh. At saka, para kaming pinagsakluban ng langit at lupa kasi siya lang din ’yong inaasahan namin noon. Umaasa lang si Nanay sa paglalabada tapos apat pa ’yong maliliit kong kapatid, at lahat kami, nag-aaral pa.” Pinahid niya ng mga daliri ang luhang hindi niya napigilan at nakapuslit mula sa kanyang mga mata. “Mabuti na lang at mabait ’yung amo ni Tatay kaya kinuha niya ako sa aming probinsya at isinama rito para mag-aral. Ipinasok niya rin ako sa restaurant ng kanyang anak bilang waitress para kahit papaano ay magkaroon ako ng income habang nag-aaral pa ako. ’Yong tuition ko nama’y sinagot na rin niya pati ’yong iba ko pang gastusin kaya iyong

kinikita ko sa restaurant, eh naipadadala ko nang buo kila Nanay.”

“Tagarito pala ang boss ng tatay mo kaya napadpad ka rito.” Inabutan siya ni Janna ng tissue. “Pero wala kang kamag-anak dito?”

Umiling si Christy. “Wala. Kaya nga napilitan akong tumira rito kahit mukhang haunted house ito, eh.”

Napangiti ang kausap dahil sa huling sinabi niya.

“Lagot ka kay Aling Patring kapag narinig niya ‘yan,” biro ni Janna bago siya nito niyakap. “Magtiwala ka lang sa Diyos, makakaraos din kayo. Tingnan mo nga, hindi Niya kayo pinabayaan. Kahit nawala ang tatay mo’y binigyan naman Niya kayo ng tulong sa pamamagitan ng boss ng papa mo, di ba?” Pinahid nito ang luha sa kanyang mga pisngi na ayaw pa ring huminto sa pagdaloy. “Sa tingin ko, mabuti kang anak at mabuti kang tao kaya hindi ka pababayaan ng Diyos.”

“Salamat, Janna.” Ngumiti siya rito. “Akala ko n’ong una kong nakita si Sandra ay maaapi na ako rito kaya natakot ako. Inisip ko kasi na baka wala akong kakampi dito.”

Ginulo ng babae ang kanyang mahabang buhok. Mas matanda ito sa kanya nang apat na taon kaya parang ate na niya ito.

“Walang aapi sa ‘yo rito. H’wag kang papayag na apihin ka ni Sandra o ng kahit

sino man. Pinanganak tayong pantay-pantay, lahat tayo'y may karapatang ipaglaban ang ating mga sarili. Tandaan mo iyan."

"Para kang si Tatay. Ganyan din ang sinabi niya noon sa akin."

"Dapat lahat ng tao gan'on ang pananaw."

"Ako kasi, mahina. Hindi ako lumalaban kapag may umaapi sa akin. Iiyak na lang ako kaysa lumaban."

"Ay, ang g\*ga mo," tumatawang sabi nito sa kanya. "Kapag ganyan ka, ako ang papalo sa 'yo."

Nagkatawanan sila.

"H'wag ka nang malungkot sa pagkawala ng tatay mo. I'm sure kung nasaan man siya ngayo'y masaya siya at proud na proud sa 'yo. Mabuti kang bata, eh."

"Salamat, Janna."

Mabuti na lang at nakatagpo siya ng katulad ng babae. Kahit paano ay naiibsan ang pangungulila niya sa pamilya dahil parang kapamilya na rin ang turing nito sa kanya at ganoon din siya rito. "Ikaw, nasaan pamilya mo?"

Sumulyap ito sa kanya at simpleng ngumiti. "Bata pa lang ako nang maulila ako..."

Tinitigan niya ito. Naka-sideview ito sa kanya. Dinampot ni Janna ang libro nito at binuklat iyon.

"P-pasensya na sa tanong ko."



Muli siya nitong sinulyapan at nginitian. “Wala iyon. Okay lang. Matagal nang panahon iyon. Siguro’y pitong taon pa lang ako n’ong mawala sila. Si Mommy, ’yung dalawa kong ate, si lola tapos kambal kong nakababatang kapatid. ’Tapos, ’yong daddy ko naman, hindi ko nakita sapul nang isilang ako. ’Yong kambal ko kasing kapatid, anak sila ng mommy sa ibang lalaki.”

“Sabay-sabay silang namatay?”  
Napakunot-noo si Christy.

“Oo,” sagot nito. “Dahil sa isang trahedyang kaya lumaki ako sa isang bahay-ampunan.”

“Ah...” Wala siyang masabi. Mas kawawa pala ito kaysa sa kanya. Mas mahirap pala ang pinagdaanan nito. “Buti nakaya mong maka-move on?”

“Mahirap,” sagot nito habang patuloy sa pagbuklat ng mga pahina ng libro. “Masyado pa akong bata noon para maintindihan ko ang lahat. Wala lang akong ginawa noon kundi ang umiyak hanggang sa dumating ’yong araw na I realized na nakakapagod na at wala namang mangyayari kung magmumukmok ako at iiyak na lang. Hindi ko naman na sila mabubuhay, eh. Hindi na sila mabubuhay ng mga luha ko.”

Akmang magtatanong pa siya nang bumukas ang pintuan ng kanilang kuwarto. Si Jessica ang pumasok.

“Hi, Jesse,” bati niya rito.

“Hello, Christy.” Sinulyapan siya nito at nginitian bago naupo sa kama nito. Ang puwesto nito ay sa ibaba rin kaya katapat nito si Janna at si Sandra naman ang sa kanya.

“Late ka nang nakauwi ah.”

“Oo. Dumaan pa ako sa bahay ng boyfriend ko, eh,” sagot nito habang naghuhubad ng uniporme. “Kumain ka na ba?”

“Hindi pa.”

Muli siya nitong sinulyapan bago lumapit sa drawer nito at kumuha ng pambahay na damit.

“Halika, kumain tayo. May binili akong ulam. Bopis. Paborito mo iyon, di ba?”

Napangiti si Christy. Mabait din si Jesse tulad ni Janna. Apat na taon din ang tanda nito sa kanya kaya parang ate na rin niya ito. Maharot nga lang ito kumpara kay Janna na pormal.

“Oo. Paborito ko ’yon,” sagot niya bago tiningnan ang isa pang babae. “K’ain tayo, Janna.”

“Wala pa tayong food,” tila wala sa mood na sagot nito habang gumagawa ng homework.

“May de-lata naman ako saka noodles. Iluto na lang natin ’yon tapos makikiulam tayo kay Jessica.” Muli n’yang ibinalik ang kanyang tingin sa huli. “Di ba, Jesse?” Gusto ni Christy na magkasundo ang dalawang ito na parehas niyang kaibigan at parehas malapit sa kanyang

puso.

“Oo naman,” maagap na sagot ni Jessica. “Dalawang order naman iyon, eh.” Naglakad na ito patungo sa pintuan bago siya muling nilingon. “S’unod na kayo.”

“Tara na, Janna,” tawag niya nang bumaba na siya mula sa itaas na deck. Hindi kumilos ang kaibigan; patuloy pa rin ito sa pagsulat. “Ayaw mo bang kumain?”

“Baka mahawa ka sa kalandian ng babaeng iyon ha.”

Natawa siya. “Kung sasabay ka sa aming kumain, malamang hindi ako mahahawa kasi nandiyan ka eh. Pero kung hindi ka sasabay, may possibility na mahawa ako kasi magaling magkuwento iyon at talagang nakakadala,” biro niya.

Tinaasan siya nito ng kilay. “Ang dami mong alam.”

Nginitian niya ang babae. “Biro lang, ano. Halika na, please. K’ain na tayo.”

Nginitian din siya ni Janna bago kumilos pababa ng kama. “Oh-kay. Sige na po. Kakain na tayo.”



“Hello.”

Nagulat pa si Christy sa lalaking bumati sa kanya. Nakaupo ito sa sofa nila sa sala. Pasado alas diez na ng gabi. Kauuwi niya lang

galing sa restaurant.

“Hi.” Ginantihan niya ang pagbati nito.

“Ngayon lang kita nakita. Bago ka ba rito sa boarding house?”

“Oo,” sagot niya na may kasamang tango. Akmang paakyat na siya patungong second floor nang muli itong magsalita.

“Ano’ng pangalan mo?”

Nilingon niya ito. “Christy.”

“Ako nga pala si Carlos.” Tumayo ito mula sa pagkakaupo at humakbang palapit sa kanya. “Ikinagagalak kong makilalala ka, Christy.” Inilahad pa nito ang kanang palad upang makipagkamay sa kanya.

Walang imik na tinanggap niya iyon. Wala siya sa mood para makipagkilala. Pagod siya sa school at sa kanyang trabaho. Ang gusto niya ay makapagpahinga na.

Naramdaman niyang pinisil ng lalaki ang kanyang palad. Kakaiba rin ang ngiti nito. Mabilis niyang binawi ang kanyang kamay sa lalaki at tuluyan na niya itong tinalikuran.

Akmang papasok na siya sa kuwarto nang bigla siyang hawakan sa braso ni Abby. Boardmate niya rin ito. Tahimik ito pero suplada. Maang siyang napatingin dito.

“H’wag ka na ulit lalapit o makikipag-usap sa boyfriend ko ha?” Nakataas pa ang kaliwang kilay ng babae.

“Ha?”

“Anong ha? Bingi ka ba o nagpapainosente ka lang?”

“I mean, sino bang boyfriend ang tinutukoy mo?” Bahagya siyang namutla dahil sa pagtataray nito.

“Nagmamaang-maangan ka pa. Si Carlos lang naman ang boyfriend ko. Yong lalaking kausap mo sa ibaba.”

“G-gan'on ba? Sorry. Nakipagkilala lang naman siya sa akin.”

“Ayusin mo ang buhay mo kung gusto mo pang magtagal dito,” tila may pagbabantang bulong nito sa kanya. Lalo pang humigpit ang pagkakahawak nito sa kanyang braso.

Napaawang na lang ang mga labi ni Christy habang nangingilid ang luha sa kanyang mga mata.

“Bitiwan mo nga si Christy!” sigaw ni Jessica pagkaakyat nito ng hagdan. Agad siya nitong hinila palayo kay Abby. “Wala kang karapatang pagbantaan si Christy o sinumang boarder dito dahil hindi mo pag-aari ang boarding house na ito.”

“Bilib naman ako sa lakas ng radar mo!” mataray na tugon ni Abby. Humalukipkip pa ito at nakipagtapatan at nakipagtitigan sa huli. Parehas silang dalawa nakataas ang mga kilay. “Itong babaeng ito...” Dinuro pa siya nito sa kanyang noo kaya napaatras siya. “Pagsabihan mo na h'wag lalandiin ang boyfriend ko.”

“G\*ga! Boyfriend mo ang pagsabihan mong makuntento na lang sa ’yo,” nakangising sagot ni Jessica. “Kunsabagay, wala ka na nga palang maipagmamalaki. Talo mo pa kasi ang lantang gulay kaya hahanap na talaga ng fresh ang boyfriend mo!”

“Aba’t—” Akmang hahablutin ni Abby ang buhok ni Jessica subalit agad nahawakan ng huli ang kamay nito.

“H’wag na h’wag mong kakantiin kahit dulo lang ng buhok ko at baka ingudngod ko ’yang nguso mo sa sahi!” sabay tulak ni Jessica kay Abby. Na-out of balance ito kaya napaupo sa sahi. “Tara na sa loob, Christy.”

Napalunok na lamang siya. Ang tatapang talaga ng mga boardmates niya. Wala siyang binatbat sa mga ito. Mukhang mali talaga siya ng napuntahan.

4

“**B**ullsh\*t!”

Kaagad napabalikwas si Christy dahil sa narinig niyang sigaw ni Sandra. Padabog pa nitong isinara ang pintuan ng kanilang kuwarto. Nagbuga siya ng hangin bago sinulyapan ang relo sa kaliwa niyang braso. Alas siete pa lang ng umaga. Grabe naman ang babaeng iyon. Hindi man lang inisip na may natutulog pa siyang mga roommates.

Nailing na bumaba siya ng kanyang kama. Nagdahan-dahan siya nang makita niyang natutulog pa si Janna. Mabuti pa ito, hindi affected sa ginawa ni Sandra. Siguro ay sanayan lang iyon. Napangiti siya nang

mapasulyap siya sa natutulog ding si Jessica. Talagang hindi maapektuhan ang isang ito, kasi bukod sa nakasuot ito ng blindfold ay may nakasaksak pa sa tenga nitong earphones.

Naglakad patungo sa pintuan si Christy. Binuksan niya iyon at bumaba siya. Nakita niyang nakaupo sa sala si George habang nagbabasa. Ilang araw na niya itong nakikita, pero palaging ganoon ang eksena; may hawak itong libro o kung ano pa mang babasahin.

“Good morning,” bati niya ito.

Tiningnan lamang siya nito. Walang kareaksiyon sa mukha nito. Alanganin siyang ngumiti rito. Hindi niya maintindihan kung may problema ba ito o sadyang may sarili lang mundo. Akmang patungo siya sa kusina nang tawagin siya nito. Agad niya itong nilingon. For the first time ay narinig niyang nagsalita ito.

“H’wag ka munang pumunta sa kusina.”

“Ha? Bakit?”

Tumayo ito. Ibinaba nito ang hawak nitong libro. “Nand’on sina Sandra at Abby.”

“So?” kunot-noo niyang tanong. Ano nama’ng pakialam niya kung nandoon ang dalawang iyon?

“Kasi si Sandra—”

“Christy, tawag ka ni Sandra,” narinig n’yang sabi ni Melissa. Nakatapis lamang ito ng tuwalya, basa ang mahabang buhok.

“Bakit daw?” Bigla siyang kinabahan. Muli



niyang nilingon si George. Dama niya ang takot sa mga mata nito.

“Hindi ko alam, eh,” sagot ni Melissa. Ito ang tipo ng taong walang pakialam sa nangyayari sa paligid. Parang si George rin ang ugali nito, ang pinagkaiba nga lang ng mga ito, si George ay tahimik, samantalang madaldal naman si Melissa. Ito ang tipo na parang hindi nauubusan ng kuwento.

Nanatili siyang nakatingin kay George habang paakyat si Melissa sa itaas. Alam niyang alam ng una ang dahilan kung bakit siya pinatatawag ni Sandra.

“Sinabihan na kita. It’s up to you if you’ll listen to me,” sabi nitong naililing bago sumunod kay Melissa.

Napalunok na lang si Christy. Sabi nga, curiosity kills the cat. Pinili niyang magtungo sa kusina kung saan naroroon sina Sandra at Abby.

“Halika rito!”

Nagulat pa siya nang bigla siyang hilain ni Sandra pagkapasok na pagkapasok niya ng kusina. Agad siya nitong itinulak sa lababo. Napaawang ang kanyang mga labi dahil sa pagkagulat.

“A-ano’ng problema?”

“Ikaw na babae ka, malandi ka na nga, magnanakaw ka pa!” sigaw nito sa kanya. Umaapoy sa galit ang mga mata nito.

Napalunok siya dahil sa paratang nito. Malandi? Magnanakaw?

“Grabe kang babae ka! Ang kapal ng mukha mo!” tungyaw nito sabay sabunot sa kanyang buhok.

“Aray ko!” sigaw niya. Payat ang kanyang katawan kung ihahambing kay Sandra. Bilugan kasi ang katawan ng huli kaya bukod sa hindi siya sanay na makipag-away ay takot siya rito dahil pakiramdam niya ay hindi niya ito kaya. “Sandra, nasasaktan ako!”

Napaluha siya nang isubsob nito ang mukha niya sa lababo.

“Plano mo pa palang landiin si Carlos, ah. Tapos ninakaw mo pa ’yong kwintas kong mamahalin. Grabe ka!” nanggigigil na sabi nito sabay hablot muli sa buhok niya dahilan para mapasunod dito ang kanyang ulo. Ipinantay nito ang paningin sa kanya.

“W-wala a-akong alam sa i-ibinibintang mo s-sa a-akin, S-Sandra,” nanginginig niyang sabi sa pagitan ng pag-iyak.

Bakit ba siya ginaganito ng mga boardmates niya? Dahil ba sa masyado syang mabait? Dahil ba sa bago siya, o dahil siya ang pinakabata sa mga ito? “W-wala akong g-ginagawang masama.”

“Sinungaling!” sigaw nito sabay sampal sa kanang pisngi niya gamit ang kaliwa nitong palad habang ang kanang kamay nito

ay mahigpit pa ring nakahawak sa kanyang buhok.

“H’wag kang masyadong maingay, Sandra, at baka marinig ka ng mga bruhanng roommates ninyo,” tila nakakalokong sabi ni Abby habang nakaupo lamang ito na para bang walang nangyayari sa paligid nito. Abala ito sa paglilinis ng kuko sa paa.

Napahagulhol na si Christy nang muli siyang sampalin ni Sandra. Sobrang lakas noon; pakiramdam niya ay uminit na ang kanyang tenga. Muli siyang sinabunutan nito at inginudngod ulit ang kanyang mukha sa lababo.

“Ilabas mo ang kwintas ko! Ilabas mo!”

“W-wala akong i-ilalabas, S-Sandra.” Halos mabulol na si Christy sa labis na takot. Naghalo na ang luha at uhog niya.

“Sandra!” Agad siyang binitawan ni Sandra dahil sa pagsigaw ni Jessica. “Ano’ng ginagawa mo kay Christy?!” Nanlalaki ang mga mata nito nang lumapit kay Sandra.

Halos hindi siya makatayo nang diretso dahil nanginginig siya.

“Chris!” Agad siyang nilapitan ni Janna at niyakap. “What happened?” Hinaplos nito ang magulo niyang buhok.

Lalo siyang napahagulhol.

“Ang kapal ng mukha mong saktan si Christy!” Agad hinablot ni Jessica ang braso

ni Sandra.

“Bitiwan mo nga ako!” galit na sigaw ng huli at nagpumiglas ito mula sa pagkakahawak ni Jessica. “H’wag kang makialam dito! Hindi mo alam kung ano’ng ikinagagalit ko.”

“Alam ko kung ano. Sinabi sa akin ni George na pinagbibintangan mo si Christy na siya ang kumuha ng kwintas mo.”

“Eh, siya naman talaga eh,” giit ni Sandra. “Sino ba ang bago rito, siya lang naman, di ba?”

“Wala kang pruweba kaya wala kang karapatang pagbintangan si Christy at lalong wala kang karapatang saktan siya.”

“At saka hindi pag-iinteresanan ni Christy’yong kwintas mong binili mo lang yata ng tigsampung piso sa bangketa, girl,” natatawang singit ni Melissa.

“Shut up!” sigaw rito ni Sandra. “Pareparehas lang kayo, mga walang kuwenta. May araw din kayo sa akin!” Nanggigigil itong tumingin sa kanilang lahat.

“Ikaw ang may araw sa akin kapag sinaktan mo pa ulit si Christy. Hindi porke mas bata siya sa ’yo, tatraturhin mo na lang siya nang gan’on,” pagbabanta rito ni Jessica. “You should be ashamed of yourself. Pekeng kwintas lang, ganyan ka kung mag-react. Kawawa ka naman. Bibilhan kita nang marami bukas. Nakakahiya naman sa ’yo eh,” dagdag

pang-iinsulto ni Jessica.

Hindi na nakaimik pa si Sandra pero galit itong lumabas ng kusina. Wala ding imik din si Abby na sumunod dito.

Patuloy pa rin sa pag-iyak si Christy. Naaawa siya sa sarili. Mabuti na lamang at may mga nagmamalasakit pa rin sa kanya. Tinanggap niya ang tubig na iniabot sa kanya ni Melissa.

“Salamat,” nanginginig pa ring sabi niya.

“You’re welcome. Hindi ko alam na may pinaplano na pala sa ’yo sila Sandra kaya ka nila pinatawag. Kung alam ko lang, sana hindi na kita tinawag pa.”

“Dabarkads mo sila eh, natural alam mo ’yon,” mataray na turan ni Jessica.

“Uy, ano ka! Si Abby lang ang bestfriend ko at hindi si Sandra,” mariing tanggi nito. “Pero mukhang sila na ang mag-bestfriend ngayon, eh.”

“Okay ka na ba?” Halata ang pag-aalala sa mukha ni Janna para sa nangyari sa kanya.

“Oo, Janna.” Humikbi siya. Pinilit niyang ngumiti rito.

“Ang pula ng magkabilang pisngi mo. Bakat na bakat ang kamay ni Sandra,” naiiling na komento ni Melissa. “Grabe namang makasampal ang babaeng iyon. Wagas!”

Nagkatinginan sina Janna at Jessica. Bakas niya sa mga mukha nito ang awa para

sa kanya. Maging si Melissa ay halata rin ang awa.

“Bruha talaga ’yong babaeng ’yon. Hindi ko inisip na gagawin niya ito kay Christy.” Napabuntong-hininga pa si Jessica.

“Me, too.” Si Janna. “Pero alam naman natin na marami nang nakaaway si Sandra, di ba?”

“Oo. Pero iyon lang mga pumapatol sa kanya. Eh, itong si Christy? Grabe! Sinaktan niya nang walang kalaban-laban.”

“Pero, girls, alam n’yo ’yong kwintas, I think gawa-gawa lang ni Sandra na nawala ’yon eh. Gumawa lang siya ng dahilan para masaktan niya si Christy,” maarteng sabat ni Melissa. “Di ba nga, lahat tayo’y inaway niya, pero si Christy lang ang sinaktan niya.”

“Kasi si Christy, alam n’yang mahina at hindi marunong lumaban,” paliwanag ni Janna.

Nanatiling tahimik si Christy habang nagpapalitan ng kuro-kuro ang tatlong boardmates niya. Siguro si George ang nanggising kina Janna at Jessica upang saklolohan siya. Narinig niya kasing binanggit ito ni Jessica kanina.

Linggo nang araw na iyon kaya lahat sila ay walang pasok sa eskuwela. Pasalamat na rin siyang Linggo kasi kung nagkataong may pasok ay mapipilitan siyang lumabas ng bahay

habang maga ang pisngi dahil sa sampal. Nagkataon ding day-off niya sa restaurant.

Mag-isa lang siya sa sala dahil simula nang umalis sina Sandra at Abby kaninang umaga ay hindi pa ito bumabalik. Si Melissa naman ay natutulog sa itaas. Si Janna ay pumasok sa trabaho nito sa bayan bilang cashier sa isang botika, at si Jessica ay may date raw.

“May masakit ba sa ‘yo?”

Nilingon niya ang pinanggalingan ng boses. Si George. Kapapasok lang nito ng bahay. Lumakad ito patungo sa sofa kung saan siya nakaupo. Naupo ito sa silyang katapat ng inuupuan niya. Inilapag nito sa mesa ang dala nitong plastic na may lamang banana cue. Tatlong sticks iyon na may tig-dalawang saging.

“Sa’yo ‘yong isang stick.”

Tiningnan niya lamang ang banana cue at muling ibinalik ang tingin kay George. Ilang araw na siya sa boarding house na iyon pero ngayon lang sila nagkaharap at nagkausap. Nagsimula na itong kumain ng naturang banana cue.

Kunot-noo itong tumingin sa kanya. “Hindi ka ba kumakain ng ganito?”

“Kumakain,” matipid niyang sagot. “George, salamat ha.”

“Okay lang. Nakakahiya naman kasing kumain ako mag-isa tapos wala kayong

pagkain ni Melissa. Ayaw ko namang kumain sa labas kasi maraming tambay doon.”

“Hindi. I mean, salamat kasi sinabi mo kila Jesse na pinagbintangan ako ni Sandra. Kung hindi kasi sila sumaklolo sa akin kanina’y baka kailangan ko nang manghiram ng mukha ngayon sa aso.”

“Wala ka naman kasing kasalanan. Nasaan naman ang konsensya ko kung wala man lang akong gagawin, di ba?”

Nginitian niya ito. Matipid itong gumanti ng ngiti pero hindi labas ang ngipin. Mukha rin naman itong mabait. Sa tingin niya ay dalawang taon lamang ang tanda nito sa kanya. Third year college na ito.

“Si Carlos ang kumuha ng kwintas ni Sandra. ‘Yong boyfriend ni Abby.”

“Ha?” Nagulat siya sa sinabi nito. “Paano mong nalaman?”

“Nandito siya kagabi. Malamang naiwan ni Sandra ‘yong kwintas niya sa banyo. Nagbanyo kasi si Carlos eh, pagkatapos nilang mag-ano ni Abby. Tapos ayon, nakita kong hawak niya ‘yong kwintas ni Sandra n’ung nakaupo siya rito sa sala. Ibinulsa niya pa nga, eh.”

“Alam mo palang na kay Carlos ‘yong kwintas, pero bakit hindi mo sinabi kay Sandra?”

“Ayaw kong makialam sa buhay ng mga



boardmates ko. Isang taon na ako rito pero ever since, hindi ako nakialam sa mga buhay nila. Ayaw ko ng gulo. Kahit may nakikita akong mali o hindi tama sa mga ginagawa nila, as long as hindi naman ako damay, hindi ako nakikialam.”

“Selfish ka pala,” pagkuwa’y komento ni Christy. Siya kasi, basta alam niyang tama siya at alam niyang makatutulong siya sa kanyang kapwa, kahit duwag siya’t hindi marunong lumaban, at kahit mapahamak siya’y okay lang, basta ang importante ay manaig ang katarungan.

“Hindi ako selfish. Nag-iingat lang ako at umiiwas sa gulo,” seryoso nitong sagot. Ipinagpatuloy nito ang pagkain. “Naawa lang ako sa ’yo kanina kaya ginising ko sina Janna at Jesse. Alam ko kasing wala kang laban kay Sandra, lalo kung nakisali pa si Abby. Pero hindi ko sinabi sa kanila na alam ko kung sino ang kumuha ng kwintas. Mga kaibigan mo sila kaya alam kong papanigan ka nila at may tiwala sila sa ’yo kaya kahit hindi ko na sabihin ang nalalaman ko’y ayos lang.”

“Hello!” Sabay silang napatingin kay Melissa. Pababa ito ng hagdan. “Ang sarap naman n’yan. Pahingi naman.”

“Sige. K’uha ka lang,” sagot ni George.

“Salamat,” nakangiti nitong sabi nang damputin ang isang stick. Naupo ito sa tabi

ni Christy.

“Kunin mo na ’yong isa, Christy. Sa ’yo ’yan,” sabi ni George.

“Sige,” sagot niya. “Magtitimpla lang ako ng juice.” Akmang patayo siya nang biglang pumasok sa loob ng bahay si Abby. Humahangos ito.

“Guys, masamang balita...” bulalas nito.

Lahat sila ay maang na napatingin dito habang hinihintay ang sasabihin nito.

“Patay na si Sandra.”

5.

**P**atay na si Sandra?

Nanlaki ang mga mata ni Christy dahil sa balita ni Abby.

“Ha!” gulat na reaksyon ni Melissa. Naitakip pa nito ang kanang palad sa bibig. “Grabe naman ’yong karmang inabot niya.”

“P-paano siya namatay?” hindi makapaniwalang tanong ni Christy.

“Hindi ko alam. Ang nagbalita lang sa akin ay ’yong ate niya,” tila balisang sagot ni Abby. Palakad-lakad ito sa kanilang harapan.

“Paanong hindi mo alam, eh di ba, kayo ’yong magkasama kaninang umaga?” walang karea-reaksiyong tanong ni George. Parang wala itong pakialam sa nangyari kay Sandra.

“Oo. Magkasama kami n’ong umaga, pero nagpaalam siya sa akin na uuwi siya sa kanila. Ang plano niya kasi, hindi na siya babalik dito sa boarding house. Ipapakuha na lang daw niya iyong mga gamit niya ’tapos ayon...”

“Eh ikaw, saan ka pumunta?” muling tanong ni George.

Galit itong tiningnan ni Abby. “Bakit ba ganyan ka makatanong ha? Pinaghihinalaan mo ba ako?”

“Bakit? Sinabi ko bang pinaghihinalaan kita?” Tumaas ang boses ni George.

“Nagpa-panic ka kasi, eh. Parang tensiyonado ka, girl,” sabat ni Melissa. “Maupo ka nga rito at nahihilo kami sa ’yo.”

“Kasi hindi pangkaraniwan ’yong pagkamatay ni Sandra.” Napalunok ito bago naupo sa tabi ni Melissa. “S’abi ng ate niya, pugot daw ’yong ulo ni Sandra. Nakalawit ang dila at tirik ang mga mata. Halata raw na pinahirapan...”

“Diyos ko!” naibulalas ni Christy. “Sino nama’ng matinong tao ang gagawa n’on?”

“Maraming kaaway si Sandra. Posibleng isa sa kanila.” Si George ang sumagot.

“Oo nga, nandoon na tayo sa marami siyang kaaway. Pero kung may takot sa Diyos ang isang tao, kahit gaano pa siya kagalit kay Sandra, hindi niya magagawa at never n’yang gagawin ang gan’ong klase ng pagpatay,” giit

niya.

“Hindi natin hawak ang isip ng tao, Christy. Posibleng sa sobrang galit ng taong ’yon kay Sandra kaya nawala siya sa sarili at nagawa niya ang karumal-dumal na krimeng iyon.” Si George muli.

“Bakit ba ganyan kang magsalita? Parang hindi ka man lang naapektuhan sa pagkawala ni Sandra? Boardmate natin siya, George.”

“Alam kong boardmate natin siya, Christy, pero alam ko rin na hindi dapat pinanghihinayangan ang mga katulad niya,” sagot nito bago tumayo at tahimik na umakyat sa itaas ng bahay.

“Dati kasi, sinabotahe ni Sandra ’yong report ni George. Magkaklase sila n’ong second year. Sinira ni Sandra ’yong visual aids niya tapos gumawa ito ng paraan para ma-late si George at hindi makapag-report. Dahil d’on, pinagalitan si George ng professor nila. Binigyan siya ng mababang grade kaya ganoon na lang ang galit niya kay Sandra,” paliwanag sa kanya ni Melissa.

Hindi na umimik si Christy. Tahimik na lang siyang nakinig sa usapan nina Melissa at Abby tungkol sa pagkamatay ni Sandra. Kunsabay, hindi niya nga naman masisisi si George kung ganoon ito mag-react sa sinapit ni Sandra kasi hindi naman niya alam kung ano ang sinapit nito sa mga kamay ni Sandra

noong nabubuhay pa ang huli. Sadya lang sigurong mabait si Christy kaya sa kabila ng pananakit sa kanya ni Sandra kanina ay nakuha pa rin niya itong kaawaan sa sinapit nitong kamatayan.



Kumalat sa kanilang lugar ang balita tungkol sa pagkamatay ni Sandra. Walang saksi sa naganap na krimen. Magaling ang gumawa dahil hindi ito nag-iwan ng kahit anong ebidensya.

May mga taong nagsabi na huli raw nilang nakita si Sandra na may kasamang babae bago naganap ang krimen. Ang sabi naman ng iba, lalaki raw ang huling kasama nito.

Nagkatinginan sina Christy at Janna nang sa pagbukas ni Melissa ng pintuan ng kanilang boarding house ay dalawang pulis ang nakatayo sa labas.

“Dito ba nakatira si Miss Abigail Evangelista?”

“Ah. Oho. B-bakit ho?” gulat na tanong ni Melissa sa mga ito.

“Imbitahan lang ho sana namin siya upang hingan ng statement tungkol sa pagkamatay ni Miss Sandra Ventura.”

“Wala ho akong kasalanan. Hindi ako ang pumatay kay Sandra,” maagap na sagot ni Abby pagkababang-pagkababa nito ng

hagdanan.

“Hindi naman ho namin sinasabing kayo ang pumatay kay Miss Ventura,” paliwanag ng isang pulis. “Marami ho kasing nagsasabing kayo ang huling nakasama ni Miss Ventura bago siya namatay. Hihingan lang ho namin kayo ng statement.”

“Wala kayong mapapala sa akin! Hindi ako ang pumatay kay Sandra!” galit na sigaw ni Abby.

“Sige na, girl. Sumama ka na muna para makapag-explain ka sa kanila nang maayos at patunayan mo kung wala ka talagang kasalanan.” Mahinahon ang pagkakasabi ni Melissa.

Walang nagawa si Abby. Napilitan itong sumama sa mga pulis.

Walang namamagitang usapan sa pagitan nina Christy, Janna, at Melissa nang araw na iyon habang kumakain sila ng tanghalian. Tahimik silang lahat na tila ba magkakaiba ang tumatakbo sa kanilang mga isipan.

“Girls, sa tingin ninyo ba may kinalaman si Abby sa pagkamatay ni Sandra?” basag ni Melissa sa katahimikan kung kailan patapos na silang kumain.

“Ikaw ang bestfriend ni Abby kaya ikaw ang mas makakasagot niyan, kasi ikaw ang mas nakakakilala sa kanya,” sagot ni Janna sa pagitan ng pagnguya.

“Ako sa tingin ko, hindi ’yon kayang gawin ni Abby. Hindi ’yon kayang gawin ng normal na tao nang matinding galit lang ang dahilan. Imagine, pinugot pa ’yong ulo ni Sandra?! Parang wala namang puso ang gumawa n’on,” sagot ni Christy.

“Ako rin, Chris. Hindi rin ako naniniwalang kagagawan ’yon ni Abby,” sang-ayon ni Melissa.

“Nga pala, tumawag ’yong ate ni Sandra kanina. Tinanong niya kung pupunta raw ba tayo sa kanila, kasi ililibing na raw si Sandra bukas.”

Nagkibit-balikat lang si Janna sa sinabi niya. Tumayo ito at dinala sa lababo ang pinagkainan. Nagbuntong-hininga si Christy nang sundan niya ito ng tingin. “Janna, pumunta tayo mamayang gabi.”

“Para saan pa?” tanong nito habang naglalagay ng toothpaste sa toothbrush. “Ayaw ko nang nakikipagplastikan. Halos lahat tayo’y hindi pinakitunguhan nang maayos ni Sandra, so bakit pa tayo makikiramay kung hindi naman bukal sa mga puso natin?”

Tumayo siya at lumapit dito. Nagsimula na itong magsepilyo.

“Janna, pamilya ni Sandra ang nangangailangan ng pakikiramay natin. Wala naman silang kinalaman sa pagiging salbahe sa atin ni Sandra, eh. At saka, patay na ’yong tao. Ipagdadamot pa ba natin sa kanya ’yong



pakikiramay natin sa huling sandali ng mga labi niya rito sa lupa?”

“Tama si Christy, Janna,” sabat ni Melissa. “At saka, baka mamaya, tayo pa ang dalawin n’on. Naku po! Takot pa naman ako sa multo,” sabi pa nito habang yakap-yakap ang sarili.

“Okay. Fine,” pagsuko ni Janna pagkalipas ng ilang minuto. “Ask mo sila Jesse kung sasama sila sa atin mamaya.”

Napangiti siya. “Thanks.”



“Halika, pasok kayo,” magiliw na bungad sa kanila ng ate ni Sandra nang makita sila nito. Ang layo ng ugali nito kay Sandra.

“Salamat po.” Nginitian ni Christy ang babae. Siya ang naunang pumasok sa loob ng bahay habang nakasunod sa kanya sina Janna, Jessica, Melissa, at George.

“Maiwan ko muna kayo ha. Ikukuha ko lang kayo ng maiinom at makakain.” Pipigilan niya sana ang babae na huwag nang mag-abala pero agad na itong nakaalis.

“Bakit parang tayo lang ang tao?” bulong sa kanila ni Melissa.

“Wala nga raw nakikiramay eh, sabi ng ate ni Sandra,” sagot niya. Naupo sila sa sofa. Ilang hakbang lang ang layo nila sa kinalalagyan ng kabaong ni Sandra.

“Lumapit na kayo at nang makaalis na

tayo.” Si Jessica.

“Aalis na agad? Kararating pa lang natin, girl,” reklamo ni Melissa. Kinalabit siya nito. “Tingnan natin si Sandra, samahan mo ako.”

“Sige. Tara.” Sabay silang tumayo. Nilíngon niya ang tatlo na nanatiling nakaupo. “Hindi n’yo man lang ba sisilipin si Sandra?”

“Ayaw ko. Baka mamaya, pagsilip ko’y nakasilip din siya sa akin,” natatawang tugon ni Jessica. Napangiti tuloy sina Janna at George.

“Uy, h’wag kayong ganyan ha. Walang takutan,” seryosong saway ni Melissa sa mga ito. Halata ang takot sa boses nito.

“Puro ka talaga kalokohan, Jesse,” naiiling na sabi niya bago sila sabay na naglakad ni Melissa palapit sa kabaong. Sabay din silang sumilip.

“Toinks! Bakit nakatalukbong si Sandra?” kunot-noong tanong ni Melissa.

Hindi nila makita ang mukha at buong katawan ni Sandra dahil nakabalot iyon ng puting kumot.

“Iyan kasi ang naisipan naming gawin para hindi matakot ang mga taong pupunta rito at sisilip sa kanya.” Ate ni Sandra ang sumagot, hindi nila namalayang nakatayo na pala ito sa kanilang likuran. “Halata kasi ang takot at hirap na pinagdaanan niya sa mga kamay ng kung sinumang pumatay sa kanya. Dilat na

dilat ang mga mata niya. Lawit ang dila. May mga hiwa ang kanyang mukha. At pugot ang ulo.” Napahagulhol ito.

*Diyos ko! Sino naman po kaya ang taong kayang gumawa ng ganoong klase ng pagpatay?* sa isip-isip niya habang hinahagod ang likod ng babae upang kumalma ito.

“May awa po ang Diyos, ma’am. Darating po ang time na mahuhuli rin ang gumawa nito kay Sandra.”

“Sana nga. Pero parang ang hirap dahil walang nakakita sa krimen,” turan nito sa pagitan ng paghikbi. “Ang dami pa naman n’yang kaaway kaya ang daming galit sa kanya.”

“Magdasal lang po tayo.” Nginitian niya ito.

“Maraming salamat.” Ngumiti rin ito sa kanya. “May mga nakapagsabi na ’yong isa n’yo raw boardmate ang huling nakasama ni Sandra.”

“Si Abby ho.” Si Melissa ang sumagot.

“Oo. Iyon nga, si Abby.”

Tahimik na iniwan ni Christy si Melissa at ang ate ni Sandra habang nagkukuwentuhan sa harapan ng kabaong ang mga ito. Lumapit siya kina Janna at Jessica na abala rin sa pagkukuwentuhan habang umiinom ng kape at kumakain ng biskwit.

“Si George?” tanong niya nang maupo siya sa tabi ni Janna.

“Nasa labas, may kausap sa phone.” Si Jessica ang sumagot.

“So, uuwi na ba tayo?” tanong sa kanya ni Janna. Sumulyap ito sa relo nito sa kaliwang braso. “Magte-ten na. May pasok pa tayo bukas.”

“Sige. Pagkatapos mag-usap ni Melissa at ng ate ni Sandra,” sagot niya. “Ang bait ng ate niya, ’no?”

“Yes. Ang layo sa ugali niya,” komento ni Janna.

“Ang sabi kasi, ’yong mga ate at kuya ni Sandra ay nagmana sa ugali ng tatay nila. Si Sandra raw kasi, anak sa labas ng nanay nila at siguro nagmana siya ng ugali sa tunay na tatay niya,” paliwanag ni Jessica bago ito humigop ng kape.

“Tsismis ba ’yan?” tila nakakalokong tanong ni Janna.

“Hindi, ano! Totoo iyon,” agad na depensa ni Jessica.

“Uy, ano ba kayo?” mahinang saway ni Christy sa mga ito. “Baka dito pa kayo mag-away.”

Pasado alas diez nang magpasya silang umuwi. Malayu-layo pa kasi ang lalakaran nila papasok sa subdivision kung saan nakatirik ang kanilang boarding house. Hindi na kasi iyon dinadaan ng mga jeep. Medyo liblib na kasi iyon at bibihira lamang ang nakatira.

“Ang dilim naman. Parang nagbabadya pa yata ang ulan. Wala man lang buwan,” reklamo ni Jessica. “Grabeng kuripot naman kasi ng kapitan sa baryong ito. Hindi man lang pakabitan ng ilaw ang bawat poste.”

“Si Aling Patring kasi. Bakit dito pa siya nagtayo ng boarding house sa lugar na ito? Parang ang layo tuloy natin sa kabihasan,” reklamo naman ni Melissa.

“Aswang yata si Aling Patring eh, plano niya siguro tayong kainin isa-isa kaya dito siya nagtayo ng bahay sa walang makakarinig kapag sumigaw tayo,” tumatawang sabi ni Jessica. “Ayon na nga, inuna na niya si Sandra—”

“Uy, Jesse, grabe ka! Baka mamaya, may makarinig sa ‘yo ’tapos isumbong tayo kay Aling Patring,” saway ni Christy sa kaibigan. Patuloy sila sa paglalakad.

Mabuti pa sina Janna at George, tahimik lang.

Ilang minuto ring namagitan ang katahimikan sa kanilang lima bago nila narinig ang tinig ng isang lalaki.

“Kapag sinusuwerte ka nga naman, oo.” Sinundan iyon ng tawanan ng ilan pang lalaki.

Napahinto sila sa paglakad nang maaninag nilang may tatlong lalaking papasalubong sa kanila.

“Hi, mga binibini! Ginabi yata kayo,

ah,” bati ng isang lalaki habang nakangisi. Huminto ito sa tapat nila at ang dalawa pa nitong kasama.

“Gusto n’yo bang maglaro muna ng bahay-bahayan?” tila nakakalokong tanong naman ng isa pa.

Nagtawanan ang mga ito.

Napalunok si Christy. Gumapang ang takot sa buong katawan niya. Napahawak siya sa kamay ni Janna sabay tago sa likuran nito. Ramdam niyang may masamang intensyon ang mga lalaking iyon sa kanila.

“Alam n’yo, b-boys...” si Jessica sa nanginginig nitong tinig, “g-gusto sana naming makipaglaro sa inyo, eh. K-kaya lang gabi na at saka madilim ang paligid. H-hindi na tayo magkakakitaan.”

“Eh di kapaan na lang.” Nagtawanan ulit ang tatlo. Parang mga demonyo ang mga ito kung makatawa.

“Sige. M-mauuna na kami,” paalam ni Melissa. Halata rin ang takot sa tinig nito at akmang lalakad na itong muli nang bigla itong hilahin ng isang lalaki. Niyakap ito at hinalikan sa labi.

Lahat sila ay nagulat at napasigaw dahil sa nangyari kaya nagkaroon ng pagkakataon ang dalawa pang lalaki na hawakan sina Janna at Jessica.

“Bitiwan mo ’ko!” sigaw ni Jessica sabay

tadyak sa harapan ng lalaking humawak dito. Agad itong nabitiwan ng lalaki at namilipit sa sakit ang huli.

“Halika na, Christy!”

Tila nakatulala naman si Christy nang hatakin siya sa kanyang braso ni Jessica. Nakasunod sa kanila si George.

“Tek, paano sila Janna?” natataranta niyang tanong bago lumingon. Hindi na niya masyadong maaninag ang kinaroroonan nila Janna pero sa tingin niya, nakikipagpambuno ang mga ito sa mga lalaki. “H’wag natin silang iwan, Jesse. Please?”

“Hihingi tayo ng tulong kapag nakarating na tayo sa pinakamalapit na bahay sa subdivision,” humihingal na sabi nito habang patuloy sila sa pagtakbo palayo.

“Ayoko!” Napaiyak na siya. Hindi niya kayang tumakas sa panganib gayong alam niyang may mga kasamahan silang naiwan at puwedeng mapahamak. “Balikan na lang natin sila, Jesse, at tulungan.”

Huminto sila sa pagtakbo. Binitiwang siya ni Jessica. Nasapo nito ang sariling noo. Saglit itong nag-isip.

“Okay. Umalis na kayo ni George. Humingi kayo ng tulong kapag may nakita kayong tao o kaya kapag nakarating kayo sa unang bahay sa subdivision,” desisyon ni Jessica. “Ako na ang babalik kila Janna.”

“Pero, Jesse—”

“Christy, ano ba!” sigaw nito. “H’wag na kayong sumama pabalik.” Tila nahulaan nito ang nais niya sanang sabihin. “Much better kung makakahingi na kayo ng tulong kaysa magsasama-sama pa tayong makikipagpambuno sa mga lalaking iyon.”

Magsasalita pa sana siya, pero tumakbo na pabalik si Jessica. Iniwan na sila nito.

“George, tara na!” sigaw niya nang hindi man lang lumilingon. Ipinagpatuloy niya ang pagtakbo. Ilang sandali pa, naramdaman niyang tila may bumagsak sa kanyang likuran. Gulat siyang napalingon. “George?” Agad n’yang nilapitan si George na nakadapa na sa kalsada. “G-George? Napaano ka?” Nakita niyang wala na itong suot na salamin kaya hinagilap niya iyon. Malamang ay tumalsik iyon.

Ngumanga ito na tila ba nag-iipon ng hangin upang makahinga, habang sapo ang sariling dibdib.

“N-Nah-hira-p-pan a-akong h-humi-nga, C-Chris-ty...”

*Diyos ko po!*

“May hika ka, George?”